INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG


# Epekto ng Midya sa Bokabularyo at Kakayahang Pangwika ng mga Mag-Aaral sa Senior High School

**DOI : 10.5281/zenodo.14621775**

**Jun M. Calimpong**
BSEd-4, College of Education, Misamis University, Ozamiz City, Philippines
https://orcid.org/0009-0001-2272-0127| calimpongjun080@gmail.com

**Kirstinne Rose C. Alegarme**
BSEd-4, College of Education, Misamis University, Ozamiz City, Philippines
https://orcid.org/0009-0004-9948-1103 | kirstinealegarme1@gmail.com

**Joenard L. Tuastomban**
Faculty, Misamis University, Ozamiz City, Philippines
https://orcid.org/0000-0001-8029-9652 | joenardltuastomban@gmail.com

**Leizel Joy C. Dabalos**
Faculty, Misamis University, Ozamiz City, Philippines
https://orcid.org/0009-0000-8697-6992 | leizeljoycaspe30@gmail.com

**Beverly B. Dionio**
Faculty, Misamis University, Ozamiz City, Philippines
https://orcid.org/0000-0001-8721-7752 | dioniobeverly24@gmail.com@gmail.com

**Abstrak**

Ang midya ay may mahalagang papel sa paghubog ng kakayahang pangwika ng mga mag-aaral sa sekundarya. Ang pag-aaral na ito ay tumutukoy sa epekto ng midya sa bokabularyo at kakayahang pangwika ng mga mag-aaral sa Misamis University. Ang disenyong ginamit sa kwantitatibong pag-aaral ay *descriptive correlational*. Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay ang 295 na mga mag-aaral sa Senior High School na pinili sa pamamagitan ng *stratified random sampling*. Ang Epekto ng Midya sa bokabularyo ng mga Mag-aaral at ang Kakayahanag Pangwika ng mga mag-aaral ay mga talatanungan na ginamit bilang instrumento sa pagtitipon ng mga datos. Natuklasan sa pananaliksik na ito na ang midya ay higit na nakaapekto sa bokabularyo ng mga mag-aaral at may higit na kakayahang pangwika ang mga mag-aaral, at may makabuluhang kaugnayan ang midya sa bokabularyo at kakayahang pangwika ng mga mag-aaral. Para sa mga susunod na mananaliksik ay hinihikayat na pag-aralan ang mas malalim na ugnayan ng midya sa bokabularyo at kakayahang pangwika ng mga mag-aaral.

***Mga Susing Salita:*** *bokabularyo, epekto, kakayahan, kakayahang pangwika, midya*

**Introduksyon**

Sa patuloy na pag-unlad ng modernong panahon, kasabay rin nito ang mga pagbabago sa lipunan sa iba't ibang aspeto. Isa sa pangunahing nagdudulot ng pagbabagong ito ay ang teknolohiya, partikular na ang pag-usbong ng iba't ibang uri ng midya. Ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng mas mataas na kamalayan sa wika sa pamamagitan ng paggamit ng media at pakikilahok sa mga talakayan na sumasalamin sa iba't ibang konteksto ng lipunan at kultura. Ang paggamit ng *social media* tulad ng *Facebook* at *Twitter* ay may positibong epekto sa pagkatuto ng wika ng mga mag-aaral, dahil sa kanilang pakikipag-ugnayan at komunikasyon sa iba't ibang wika (Ahmed & Abdurrahman, 2021). Ang pagkalantad ng mga mag-aaral sa *digital* na midya tulad ng *YouTube* at mga *online forums* ay nagtataguyod ng bilinggwal na kasanayan (Chen & Liu, 2020). Ang pagsisimula at mabilis na pag-unlad ng mga *social media network* bilang tanyag na libangan ay nagbunga sa mga mag-aaral na hindi lamang nagkakaroon ng mas mataas na kamalayan sa wika kundi pati na rin sa kultura ng iba't ibang lipunan.

Habang lumalago ang impluwensya ng teknolohiya at midya, nagiging mas mahalaga ang papel ng mga guro at paaralan sa paghubog ng kasanayan sa wika ng mga mag-aaral. Ang mga guro na gumagamit ng mga interaktibong pamamaraan, tulad ng mga *mobile applications* at *online platforms*, ay mas matagumpay sa pagpapalawak ng bokabularyo at kasanayan sa komunikasyon ng kanilang mga estudyante (Garcia, 2019). Ang integrasyon ng midya sa mga kurikulum ay hindi lamang nagbubukas ng mga pagkakataon para sa mas aktibong pagkatuto kundi nagtataguyod din ng mas malalim na pag-unawa sa kultural na konteksto na bumabalot sa mga wika (Lee & Kim, 2022). Sa ganitong paraan, ang pakikipagtulungan ng mga guro, mag-aaral, at mga mapagkukunan ng midya ay nagiging susi sa mas matagumpay na pagkatuto ng wika sa makabagong panahon.

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG
*Volume 2, Issue no. 1* 

Sa kasalukuyang panahon, ang pagsulpot ng iba't ibang midya tulad ng telebisyon, *internet*, at *social media* ay nagdudulot ng malalim na epekto sa pang-araw-araw na buhay ng mga indibidwal, at ito ay may malaking epekto rin sa kanilang wikang ginagamit. Ang mga *online communication platforms* tulad ng *WhatsApp* at *Facebook* ay nagbigay-daan sa mas aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga diskusyon na nagtataguyod ng kanilang kasanayan sa wika (Nazar & Arif, 2021). Ang *social media* ay hindi lamang nakatutulong sa pagpapabuti ng bokabularyo kundi pati na rin sa pag-enhance ng kasanayan sa komunikasyon (Bakhshaei, 2020). Ang estratehiya ng paggamit ng *social media* ay nagresulta sa mas mataas na antas ng pagkatuto at pagpapahalaga sa wika ng mga mag-aaral (Jabbar & Hameed, 2021).

Sa mga nagdaang dekada, maraming pag-aaral ang nagsuri sa epekto ng midya sa pag-aaral at disiplina ng mga mag-aaral. Sa Saudi Arabia, nakikita sa pag-aaral nina Slim at Hafedh (2019) na ang mga *social media platform* tulad ng *Facebook* at *Twitter* ay nagpapahusay sa pangkalahatang proseso ng pag-aaral ng wika ng mga mag-aaral. Kaugnay ng mga partikular na kasanayan sa wika, natuklasan ng mga pag-aaral na ang paggamit ng *social media* ay nagpapahusay sa pagiging kumplikado ng gramatika ng mga mag-aaral at pagkuha at pagkatuto ng bokabularyo (Al Jahrami, 2019). Samantalang patuloy ang pag-unlad ng mga *platform* ng *social media*, mahalagang isaalang-alang ang kanilang potensyal na maging kasangkapan sa pagpapabuti ng mga kasanayan sa wika ng mga mag-aaral.

Isa ang Pilipinas sa mga bansang may pinakamaraming aktibong gumagamit ng social media, kaya't masasabi na ang madalas na paggamit nito ay may malaking impluwensiya sa mga Pilipino sa aspeto ng wika at paggamit ng mga partikular na salita. Ang patuloy na pag-access ng mga kabataan sa *social media* ay nagdudulot ng pagbabago sa kanilang bokabularyo at sa paraan ng kanilang komunikasyon (Zafra & Villanueva, 2020). Ang mga kabataan ay nagiging mas malikhain sa paggamit ng wika, at ang paggamit ng slang at mga bagong terminolohiya ay mas nagiging pangkaraniwan. Ang *social media* ay hindi lamang nakakatulong sa pagpapahayag ng mga ideya kundi nagiging plataporma din ito para sa mga usaping panlipunan at kultural na mahalaga sa mga Pilipino (Panganiban, 2021).

Sa Misamis University, naobserbahan ng mga mananaliksik na ang paggamit ng midya ay may malaking epekto sa bokabularyo at kakayahang pangwika ng mga mag-aaral sa Senior High School. Isinagawa ang pananaliksik na ito dahil nais matukoy ng mga mananaliksik ang epekto ng midya sa bokabularyo ng mga mag-aaral, matukoy ang kakahayang pangwika ng mga mag-aaral at matukoy ang makabuluhang ugnayan ng midya sa bokabularyo at ang kakayahang pangwika ng mga mag-aaral.

**Layunin Ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayon na matukoy ang epekto ng midya sa bokabularyo at kakayahang pangwika ng mga mag-aaral sa Senior High School sa Misamis University S.Y. 2023-2024. Ang pag-aaral na ito ay sinasagot ang mga sumusunod na layunin:

1. Natutukoy ang epekto ng midya sa bokabularyo ng mga mag-aaral sa mga tuntunin ng pagsasanay sa bokabularyo, aktibong pakikilahok sa midya, pagsusuri ng teksto, pagsusuri ng Biswal na midya, at pagsusuri ng midya sa konteksto ng kultura at lipunan;
2. Natutukoy ang kakayahang pangwika ng mga mag-aaral sa mga tuntunin ng pagsulat, pag-unawa, pakikipag-usap, paggamit ng teknikal na bokabularyo, at gramatika; at
3. Nasusuri ang makabuluhang kaugnayan ng midya sa bokabularyo at kakayahang pangwika ng mga mag-aaral.

**Pamamaraan**

Ang pananaliksik na ito ay isang kwantitatibong pag-aaral na gumamit ng descriptive correlational na disenyo. Ang layunin ng isang deskriptiv na pananaliksik ay ang tumpak na paglalarawan ng mga katangian ng mga indibidwal, sitwasyon o grupo at kaugnayan ng mga baryabol gamit ang mga istatistika upang ilarawan at ibuod ang mga datos. Ang kaugnayan na ito ay nagpapaliwanag ng pagkaugnay-ugnay ng mga baryabol nang walang anumang aktibong interbensyon sa bahagi ng mananaliksik (Polit at Hungler, 2013). Ito ay angkop sa pag-aaral upang matukoy ang kaugnayan ng mga salik sa pag-aaral at kanilang akademikong pagganap.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Basic Education Department Senior High School. Ang Pamantasan ng Misamis, kabilang ang Basic Education Department ay isang ISO 9001:2015 Management System Certified na ipinagkaloob ng Det Norske Veritas-Germanischer Lloyd Business Assurance. Ang Basic Education Department ay ginawaran ng Level II accreditation ng PACUCOA (Philippine Association of Colleges and Universities Commission on Accreditation).

**Resulta At Talakayan**

**Epekto ng Midya sa Bokabularyo ng mga Mag-aaral**

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang epekto ng midya sa bokabularyo ng mga mag-aaral. Makikita sa resulta ng datos na malaki ang epekto ng midya ng bokabularyo ng mga mag-aaral na may kabuuan na (M = 4.04), (SD = 0.79).

Ang limang mga baryabol ay parehong may mataas na antas: Pagsasanay sa Pag-unlad ng Bokabularyo (M = 4.16), Aktibong Pakikilahok sa Midya (M = 3.68), Pagsusuri ng Teksto (M = 4.05), Pagsusuri ng Biswal na Midya (M = 4.11), Pagsusuri ng Midya sa Konteksto ng Kultura at Lipunan (M = 4.02).

Ang midya ay nagpapakita ng malaking positibong epekto sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Nakita na ang mga uri ng midya tulad ng pagsasanay sa pag-unlad ng bokabularyo, pagsusuri ng biswal na midya, at pagsusuri ng teksto ay may mataas na antas ng epektibong paggamit sa edukasyon. Gayundin, ang pagsasanay sa pagsusuri ng midya sa konteksto ng kultura at lipunan ay nagpapakita ng kahalagahan ng pag-unawa sa midya sa mas malawak na konteksto. Napansin na ang pakikilahok sa aktibong midya ay may mas mababang antas ng epekto, na maaaring dahil sa ilang mga limitasyon tulad ng limitadong oras para sa pagsusuri ng midya at kakulangan sa aktibong pakikilahok sa mga pag-uusap at talakayan sa social media.

Ang kakayahang gamitin ang mga teknolohiya ay may malaking epekto sa bokabularyo ng mga mag-aaral. Ayon kay Dematingcal (2019) ang bokabularyo ay isang napakalaking bahagi ng kahit anong wika, na kapag walang sapat na bokabularyo, ang tao ay magkakaroon ng problema sa pag-intindi ng kahulugan na inihatid sa kanya. Natuklasan sa pag-aaral ni Abbasova (2016) ng pakikipag-ugnayan sa *social media* ay nakakatulong sa pagpapabuti ng bokabularyo ng mga mag-aaral at mga kasanayan sa pagbasa at pagsulat dahil nagbibigay ito ng mga pagkakataong makipag-ugnayan sa wika. Sumang-ayon ang mga respondente na alam nila kung paano ilapat ang mga bagong salita na nakuha nila sa *social media* sa tamang konteksto. Ang aktibong pakikilahok at interaksyon ng mga mag-aaral sa mga *online* na talakayan, *forum*, at mga aktibidad sa klase ay may positibong kaugnayan sa kanilang pag-unawa at pagganap sa mga aralin (Wei et al., 2020).

Ang mataas na antas ng epekto ng pagsasanay sa pag-unlad ng bokabularyo at pagsusuri ng midya ay nagpapahiwatig na ang mga programang pang-edukasyon na nakatuon sa mga aspetong ito ay maaaring magresulta sa mas mahusay na bokabularyo ng mga mag-aaral. Sa madaling salita, mahalagang bahagi ng pag-unlad ng edukasyon ang tamang paggamit ng midya upang mapalawak ang bokabularyo at mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspekto ng kultura at lipunan.

**Talahanayan 1**

**Epekto ng Midya sa Bokabularyo ng mga Mag-aaral**
(n = 295)

| Mga Konstruksyon | M | S | Remarks |
|---|---|---|---|
| Pagsasanay sa Bokabularyo | 4.16 | 1.08 | Higit na Nakaaapekto |
| Aktibong Pakkilahok sa Midya | 3.68 | 0.83 | Higit na Nakaaapekto |
| Pagsusuri ng Teksto | 4.05 | 0.65 | Higit na Nakaaapekto |
| Pagsusuri ng Biswal na Midya | 4.11 | 0.70 | Higit na Nakaaapekto |
| Pagsusuri ng Midya sa Konteksto ng Kultura at Lipunan | 4.02 | 0.69 | Higit na Nakaaapekto |
| Kabuuan Bokabularyo | 4.04 | 0.79 | Higit na Nakaaapekto |

**Note:** 4.20-5.00 (Lubos na Nakaaapekto); 3.40-4.19 (Higit na Nakaaapekto); 2.60-3.39 (Nakaaapekto); 1.80-2.59 (Di-Gaanong Nakaaapekto); 1.0-1.79 (Hindi Nakaaapekto)

**Kakayahang Pangwika ng mga Mag-aaral**

Inilalahad sa Talahanayan 2 ang epekto ng midya sa kakayahang pangwika ng mga mag-aaral. Makikita sa resulta ng datos ang epekto ng midya sa kakayahang pangwika ng mga mag-aaral na may kabuuan na (M = 4.04), (SD = 0.66). Ang anim na mga baryabol ay parehong may mataas na antas: Pagsulat (M = 4.08), Pag-unawa (M = 4.08), Pakikipag-usap (M = 4.05), Paggamit ng Teknikal na Bokabularyo (M = 3.98), at Gramatika (M = 3.99.

Makikita sa Talahanayan 2 na ang midya ay may mataas na antas ng epekto sa kakayahang pangwika ng mga mag-aaral. Lahat ng limang baryabol—pagsulat, pag-unawa, pakikipag-usap, paggamit ng teknikal na bokabularyo, at gramatika—ay nagpapakita ng positibong impluwensya. Ang midya ay tumutulong sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan sa mga aspektong ito, na nagpapalawak ng kanilang kaalaman at kasanayan sa wika, at nagbibigay ng mas malawak na konteksto sa paggamit nito.

Ang mga estudyante ay may mas malayang paggalugad sa mga *digital* na *resources* na nagpapabuti sa kanilang kakayahan sa pagsasalita, pagsulat, pakikinig, at pagbasa na mga kasanayan sa wika. Ayon sa isang pag-aaral ni Al Jahromi (2020), natuklasan na ang *social media* ay may malaking kontribusyon sa pag-unlad ng kakayahang pangwika ng mga mag-aaral. Ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng digital na midya bilang isang makapangyarihang kasangkapan sa pagkatuto ng pangalawang wika (L2). Ang mga *social media platforms* ay nag-aalok ng mga tunay at kolaboratibong oportunidad para sa pagkatuto ng wika (Muftah, 2022). Ang mga *social media platforms* tulad ng

*WhatsApp* at *Facebook* ay madalas gamitin ng mga estudyante para sa pag-aaral, at pinapadali nito ang komunikasyon at kolaborasyon sa pagitan ng mga mag-aaral at guro (Pikhart and Botezat, 2021). Kaugnay ng partikular na kasanayan sa wika, natuklasan ng maraming pag-aaral na ang paggamit ng social media ay nagpapabuti sa gramatika at pagkatuto ng bokabularyo ng mga mag-aaral (Al Jahromi, 2019).

Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng malalim na implikasyon para sa edukasyon, partikular sa kakayahang pangwika ng mga mag-aaral. Ang resulta na ito ay nagpapatunay sa kapangyarihan ng digital na midya bilang isang pangunahing kasangkapan sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pangwika ng mga mag-aaral, na nagbibigay ng daan sa mas malalim na pag-intindi at paggamit ng wika sa iba't ibang konteksto at layunin.

**Talahanayan 2**

**Epekto ng Midya sa Kakayahang Pangwika ng mga Mag-aaral**

(n = 295)

| Mga Konstruksyon | M | S | Remarks |
|---|---|---|---|
| Pagsulat | 4.08 | 0.66 | Higit na may Kakayahan |
| Pag-unawa | 4.08 | 0.61 | Higit na may Kakayahan |
| Pakikipag-usap | 4.05 | 0.66 | Higit na may Kakayahan |
| Paggamit ng Teknikal na Bokabularyo | 3.98 | 0.70 | Higit na may Kakayahan |
| Gramatika | 3.99 | 0.66 | Higit na may Kakayahan |
| Kabuuan | 4.04 | 0.66 | Higit na may Kakayahan |

**Note:** 4.20-5.00 (Lubhang may Kakayahan); 3.40-4.19 (Higit na may Kakayahan); 2.60-3.39 (May Kakayahan); 1.80-2.59 (Wala Gaanong Kakayahan); 1.0-1.79 (Walang Kakayahan)

**Pagsusuri sa Makabuluhang Ugnayan ng Midya sa Bokabularyo at Kakayahang Pangwika ng mga Mag-aaral**

Batay sa Talahanayan 3, ipinapakita ang resulta ng pagsusuri sa makabuluhang kaugnayan ng iba't ibang anyo ng midya sa bokabularyo at kakayahang pangwika ng mga mag-aaral. Ang mga sumusunod na baryabol ay isinasaalang-alang: Pagsasanay sa Bokabularyo, Aktibong Pakikilahok sa Midya, Pagsusuri ng Teksto, Pagsusuri ng Biswal na Midya, at Pagsusuri ng Midya sa Konteksto ng Kultura at Lipunan.

Makikita sa Talahanayan 3 na ang lahat ng baryabol ay nagpapakita ng lubos na makabuluhang kaugnayan sa isa't isa. Ito ay nangangahulugan na ang paggamit ng interaktibong midya sa edukasyon ay nagbibigay ng maraming benepisyo sa pag-unlad ng bokabularyo at kakayahang pangwika ng mga mag-aaral. Ang mga digital na platform ay nag-aalok ng mga aktibidad na nakatutok sa pag-aaral, na mas epektibo kumpara sa tradisyunal na pagbasa. Bukod dito, ang mga forum at social media ay nagiging daan para sa aktwal na paggamit ng bokabularyo at pagpapabuti ng kasanayan sa komunikasyon. Ang mga interaktibong elemento ay mas nakaka-engganyo, na nagtataas ng motibasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral, kaya't mas madali nilang natututuhan at naaalala ang mga bagong salita.

Ang pag-aaral na ito ay nagpapahiwatig ng malawakang impluwensya ng midya sa mga mag-aaral, partikular na sa kanilang kakayahang pangwika at pag-unlad ng bokabularyo. Natuklasan sa pag-aaral ni Rideout (2010) na ang mga mag-aaral na higit na nakikibahagi sa midya ay nagpapakita ng mas mataas na antas ng pagkatuto sa wika at pag-unlad ng bokabularyo. Natagpuan na ang *digital media* ay maaaring magsilbing epektibong kagamitan sa pagtuturo lalo na sa mga kabataan (Neuman at Celano, 2012). Ang pagkakalantad sa iba't ibang anyo ng midya ay nagdaragdag sa bokabularyo ng mga mag-aaral. ang midya ay may mahalagang papel sa kakayahang pangwika ng mga mag-aaral. Ang pagkalantad sa iba't ibang anyo ng midya, tulad ng telebisyon at digital na nilalaman, ay maaaring magpahusay ng bokabularyo at pang-unawa ng mga mag-aaral sa wika.

Ang mga resulta ng pag-aaral na ito, ay nagmumungkahi na ang midya ay may mahalagang papel sa pag-unlad ng bokabularyo at kakayahang pangwika ng mga mag-aaral. Ang mga natuklasan ay nagpapahiwatig na ang integrasyon ng midya sa mga programang pang-edukasyon ay maaaring magdala ng makabuluhang benepisyo sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 3**
**Pagsusuri sa Makabuluhang Kaugnayan ng Midya sa Bokabularyo at Kakayahang Pangwika ng mga Mag-araal**
(n=295)

| **Baryabol** | | Pagsasanay sa Bokabularyo | Aktibong Pakikilahok sa Midya | Pagsusuri ng Teksto | Pagsusuri ng Biswal na Midya | Pagsusuri ng Midya sa Konteksto ng Kultura at Lipunan |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pagsulat | *r* | .308 | .425 | .593 | .501 | .533 |
| | *p* | .000** | .000** | .000** | .000** | .000** |
| Pag-unawa | *r* | .347 | .361 | .500 | .545 | .564 |
| | *p* | .000** | .000** | .000** | .000** | .000** |
| Pakikipag-usap | *r* | .287 | .362 | .360 | .428 | .509 |
| | *p* | .000** | .000** | .000** | .000** | .000** |
| Paggamit ng Teknikal na Bokabularyo | *r* | .328 | .469 | .451 | .486 | .528 |
| | *p* | .000** | .000** | .000** | .000** | .000** |
| Gramatika | *r* | .190 | .290 | .411 | .421 | .507 |
| | *p* | .000** | .000** | .000** | .000** | .000** |

**Note:** **p < 0.01 (Lubos na Makabuluhan); *p < 0.05 (May Kabuluhang Kaugnayan); p > 0.05 (Walang Kabuluhan)

**Konklusyon**

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral na ito, narito ang mga konklusyon:
1. Ang wastong paggamit ng midya ay makabuluhang bahagi ng edukasyon para sa mas malawak na pag-unlad ng bokabularyo at mas malalim na pag-unawa sa iba't ibang konteksto ng kultura at lipunan.
2. Ang midya ay may malaking positibong epekto sa kakayahang pangwika ng mga mag-aaral, na nagtataguyod ng kasanayan sa pagsulat, pag-unawa, pakikipag-usap, paggamit ng teknikal na bokabularyo, at gramatika. Ang paggamit ng social media at digital na mga plataporma ay nagpapabuti sa kanilang kasanayan sa wika at nagbibigay ng mas malawak na konteksto para sa kanilang pagkatuto. Ang mga natuklasan ay nagpapakita ng kahalagahan ng digital na midya bilang makapangyarihang kasangkapan sa edukasyon at pagkatuto ng pangalawang wika.
3. Ang estadistikong pagsusuri ay nagpapatunay na may malaking at positibong ugnayan ang epekto ng midya sa bokabularyo at kakayahang pangwika ng mga mag-aaral. Ipinapahiwatig nito na ang paggamit ng midya sa mga programang pang-edukasyon ay maaaring magpatibay sa kanilang kasanayan sa wika.

**Talasanggunian**

Acuesta, J., Fernandez, L., & Zerna, A. (2018). Impluwensiya ng Social Media sa Pagpapa-unlad ng Bokabularyo sa Wikang Filipino ng mga Mag-aaral. Bulacan; https://tinyurl.com/bdd5ha4p

Ahmed, S., & Abdurrahman, M. (2021). The Impact of Social Media on Language Learning Among High School Students. Journal of Educational Technology Development and Exchange, 14(1), 56-72. https://www.jets.org/

Ainum, Suhail. (2023). Impact of social media in enhancing vocabulary and English Language Acquisition – A Study. doi: 10.52783/tjjpt.v44.i4.1172

Akram, M.S. and Albalawi, W. (2016), "Youths' social media adoption: theoretical model and empirical evidence", International Journal of Business and Management, Vol. 11 No. 2, pp. 22-30. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1271906.pdf

Al Jahromi, D. (2019), "The impact of online discussions on the accuracy of the written output of Bahraini L2 university students", in Hidri, S. (Ed.), English Language Teaching Research in the Middle East and North Africa, Palgrave Macmillan, Cham, pp. 637-666. https://tinyurl.com/jkmn242b

Ayaz, M.F. and Şekerci, H. (2015) 'The Effects of the Constructivist Learning Approach on Student's Academic Achievement: A Meta-Analysis Study'. Turkey : The Turkish Online Journal of Educational Technology. https://eric.ed.gov/?id=EJ1077612

Ayon, A.J., Barquilla, R., Constantino, R., Garcia, A.S., Grezula, F., Lolong, C., Magayaga, J.N., Padilan, M.V., Polan, G., Soriano, J., Yting, C.L. (2019). Isang Pag-aaral sa Antas ng Kaalaman ng mga Mag-aaral sa Baitang 11 ng General Academic Strand sa Wastong Paggamit ng Wikang Filipinong Our Lady of Fatima University sa Kasanayan sa Pakikipagtalastasan. https://shorturl.at/ftAS5

Bacaron, C. P., & Cantona, Z. B. (2018). The Impact of Multimedia Glossing on Expanding the Vocabulary Knowledge of Grade 10 ESL Students from Paco Catholic School through Constructivist Approach. Manila; Academia.edu. https://tinyurl.com/2d7avzwt

Bakhshaei, M. (2020). The Influence of Social Media on English Language Learning: Vocabulary Development and Communication Skills. Advances in Language and Literary Studies, 11(2), 10-19.

Baldwin, T. (2012), "Social media: friend or foe of natural language processing?", Paper presented in the 26th Pacific Asia Conference on Language, Information and Computation, pp. 5859, available at: https://www.aclweb.org/anthology/Y12-1005.pdf (accessed 29 June 2019).

Baman, Ma. E., Calvadores, M. J., Cabalquinto, C., & Monteza, S. (2020). Epekto ng Gadyets sa mga Mag-aaral ng Sta.Fe Stand- Alone SeniorHigh School. Leyte; studocu.com. https://www.studocu.com/ph/document/cotabato-state-university/social-physiology/pananaliksik-final-example/28901702

Baquero, S., Lanoy, R., & Royo, J. (2023, May). Pagsusuri sa Bokabularyo ng mga Mag-aatral sa Unang Taon ng BSED Filipino ng KCAST. Davao del Norte; Scribd.com. https://www.scribd.com/document/652344821/PAG-AARAL-SA-BOKABULARYO-NG-MGA-MAG-AARAL

Bell, A., Sharma, D., & Britain, D. (2016). Labov in sociolinguistics: An introduction. *Journal of sociolinguistics*, *20*(4), 399-408. https://doi.org/10.1111/josl.12199

Cabasal, H. (2010, September 23). Wika ng Nasyonalismo, Kolonyalismo, at Globalisasyon sa Pilipinas. Tinig.com. January 8, 2024, https://www.tinig.com/wika-ng-nasyonalismokolonyalismo-at-globalisasyon-sa-pilipinas/

Cobcroft, Rachel & Towers, Stephen & Smith, Judith & Bruns, Axel. (2008). Mobile learning in review: Opportunities and challenges for learners, teachers, and institutions. https://tinyurl.com/mwa6vbc9

Crowley, K. (2022) 'Schema Theory and Language Acquisition: Justification for the Implementation of a Spiral Syllabus'. Japan: Researchgate.net. https://tinyurl.com/catm6e4m

Crystal, D. (2009, February 23). A Dictionary of Linguistics and Phonetics. Massachusetts; onlinelibrary.wiley.comonlinelibrary.wiley.com. https://www.wiley.com/ensg/A+Dictionary+of+Linguistics+and+Phonetics%2C+6th+Edition-p-9781405152969

De Chavez, A., & Metrillo, A. (2018, August). Paggamit ng Wikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Paaralan. Batangas; Academia.edu. https://www.academia.edu/40167448/PAGGAMIT_NG_WIKANG_FILIPINO_NG_MGA_MAG_AARALSA_PAARALAN_Batangas_Country_Club

De Torres, A., Halis, M., & Joven, C. (2021). Epekto ng Makabagong Teknolohiya sa mga Magaaral ng Senior High School sa Ikalabing Isang Antas sa Tanauan Institute INC. Tanauan; studocu.com. https://tinyurl.com/5yy3res5

Dimaypung, A., Bajaro, C. J., & Bati-on, B. (2018). Epekto ng Paggamit ng Facebook sa mga Mag-aaral ng Access Computer College – Camarin Campus. Pasig; academia.eduhttps://tinyurl.com/5yy3res5

Garcia, F. (2022). Impluwensya ng "Millenial Words" at Kasanayan sa Pagsulat ng Komposisyong Filipino ng mga Mag-aaral ng Biñan Integrated National High School . Biñan; IJRP.ORG. https://ijrp.org/filePermission/fileDownlaod/4/8a44c7a56f38ab6785d076d39b70f831/2

Garcia, L. (2019). The Effectiveness of Mobile Applications in Vocabulary Development Among Elementary Students. Computers & Education, 137, 45-58. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1105763.pdf

Ilter, B. (2015). How does technology affect language learning process at an early age? Turkey; Researchgate.net. https://www.researchgate.net/publication/283165281_How_does_Technology_Affect_Language_Learning_Process_at_an_Early_Age

Jabbar, A., & Hameed, I. (2021). The Use of Social Media in Enhancing Vocabulary: A Study of EFL Learners. Journal of Educational Studies, 4(1), 44-60. https://www.researchgate.net/publication/349542100

Juniu, S. (2006) 'Use of Technology for Constructivist Learning in a Performance Assessment Class'. Montclair, New Jersey : Montclair.edu. https://www.montclair.edu/profilepages/media/286/user/Use_of_Technology_for_Constructivist_Learning_in_a_Performance_Assessment_Class.pdf

Lantolf, J. (2000). Sociocultural Theory and Language Learning. Oxford: OUP. https://global.oup.com/academic/product/sociocultural-theory-and-second-language-learning-9780194421607?lang=en&cc=gb

Li, M., & Croucher, S. M. (2020). Effects of Social Media Use on Cultural Adaptation. In G. Rings & S. Rasinger (Eds.), *The Cambridge Handbook of Intercultural Communication* (pp. 504–520). chapter, Cambridge: Cambridge University Press. https://tinyurl.com/5dz7fhhu

Lin, C.-H., Warschauer, M. and Blake, R. (2016), "Language learning through social networks: perceptions and reality", Language Learning and Technology, Vol. 20 No. 1, pp. 124-147. https://core.ac.uk/download/pdf/84321443.pdf

Magalona, Ma. L. P., Papasin, E. M., Ilagan, T. M., & Almarez, M. C. (2021, March). Epekto ng Social Media sa Paggamit ng Wika sa Mag-aaral ng Gulod Senior High School. Manila; Scribd.com. https://www.scribd.com/document/518924915/Epekto-ng-Social-Media-sa-Paggamit-ng-Wika

Mapa, K. K. D., & Marbella, F. D. (2017, October 20). Impluwensiya ng Midya sa Pag-Aaral ng Wika. Sorsogon City, Philippines; Academia.edu. https://www.academia.edu/42247768/Impluwensiya_ng_Midya_sa_Pag_Aaral_ng_Wika

Muftah, M. (2022, January 8). Impact of social media on learning English language during the COVID-19 pandemic. Najran, Saudi Arabia; Emerald Publishing Limited. https://tinyurl.com/cfeh5kds

Nazar, A., & Arif, M. (2021). Social Media and Language Learning: The Effectiveness of Online Communication Platforms in Vocabulary Acquisition. Journal of Language Teaching and Research, 12(5), 823-834.

Neuman, S.B. and Wright, T.S. (2014) The Magic of Words: Teaching Vocabulary in the Early Childhood Classroom, eric.ed.gov. Available at: https://eric.ed.gov/?id=EJ1043526 (Accessed: 2024).

N.S. Chen, S.W. Hsieh, H.K Kinshuk, Effects of short-term memory and content representation type on mobile language learning, Language Learning & Technology 12 (3) (2008) 93– 113. https://scholarspace.manoa.hawaii.edu/bitstream/10125/44157/1/12_03_chenetal.pdf

Panganiban, A. (2021). Social Media as a Platform for Language Development and Cultural Expression Among Filipino Adolescents. Journal of Language and Education, 7(1), 15-30. https://www.journaloflanguageeducation.com/

Parba, J. (2021). Teaching critical vocabulary to Filipino heritage language learners. Education Sciences, 11(6), 260. https://www.mdpi.com/2227-7102/11/6/260

Pikhart, M. and Botezat, O. (2021), "The impact of the use of social media on second language acquisition", Procedia Computer Science, Vol. 192, pp. 1621-1628.

Pollero, Jobelle. (2021). Paghubog sa Kasanayan ng Pagkatuto sa Wika at Panitikang Pilipino.https://www.researchgate.net/publication/357147319_Paghubog_sa_Kasanayan_ng_Pagkatuto_sa_Wika_at_Panitikang_Pilipino

Rahimi, Merak & Allahyari, Atefeh. (2019). Effects of Multimedia Learning Combined With Strategy-Based Instruction on Vocabulary Learning and Strategy Use. SAGE Open. 9. 215824401984408. 10.1177/2158244019844081.

Rideout, V. J., Foehr, U. G., & Roberts, D. F. (2010). Generation M2: Media in the lives of 8- to 18-year-olds. Kaiser Family Foundation Report: Washington, D.C. https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED527859.pdf

Roelofse, L. (2013), Investigating the Impact of Facebook-Speak on the Written Academic Work of Learners in a Western Cape High School, Department of General Linguistics, Faculty of Arts and Social Sciences, Stellenbosch University, available at: http://scholar.sun.ac.za (accessed 10 May 2018).

Sim, M. A. (2014). The Impact of Social Media on Vocabulary Learning Case Study- Facebook. Oradea, Romania; Academia.edu. https://www.academia.edu/35299894/THE_IMPACT_OF_SOCIAL_MEDIA_ON_VOCABULARY_LEARNING_CASE_STUDY_FACEBOOK

Slim, H. and Hafedh, M. (2019), "Social media impact on language learning for specific purposes: a study in English for business administration", Teaching English with Technology, Vol. 19 No. 1, pp. 56-71. https://tinyurl.com/ykwxs8f8

Songxaba, S.L. & Sincuba, L., 2019, 'The effect of social media on English second language essay writing with special reference to WhatsApp', Reading & Writing 10(1), a179. https://doi.org/10.4102/ rw.v10i1.179

Swan K. Building Learning Communities in Online Courses: the importance of interaction. Educ Commun Inf. 2002;2(1):23–49. Researchgate.net. https://www.researchgate.net/publication/250889477_Building_Learning_Communities_in_Online_Courses_The_Importance_of_Interaction

Thurairaj, S., Hoon, E.P., Roy, S.S. and Fong, P.K. (2015), "Reflections of students' language usage in social networking sites: making or marring academic English", The Electronic Journal of E-Learning, Vol. 13 No. 4, pp. 302-316.

Xiao, X., & Chen, M. (2022, September). The effect of social media on the development of students' affective variables. Nanjing, China; frontiersin.org. https://www.frontiersin.org/articles/10.3389/fpsyg.2022.1010766/full

Zafra, R., & Villanueva, C. (2020). The Influence of Social Media on Language Use Among Filipino Youth. Philippine Journal of Communication, 50(2), 23-35. https://www.philippinejournalofcommunication.com/

Zahirah, Z., & Rahmat, N. H. (2020). Social Media and its Influence on Vocabulary and Language Learning: A Case Study. Shah Alam, Malaysia; Akademi Pengajian Bahasa. https://tinyurl.com/w66243t4